



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 21

Nobyembre 7, 2007

www.philippinerevolution.org

Editoryal

Humanda sa mapagpasyang pakikipagtuos sa rehimeng Arroyo

Umaabot na sa sukdulan ang desperasyon ni Gloria Arroyo. Binabangungot siya ng sunud-sunod na pagkabunyag ng iba't ibang anomalya, ng tumitinding galit ng mamamayan, ng tumitibay na banta ng oposisyon at ng lumalalim na pagkabiyak ng naghaharing koalisyon.

Ang di maapulang krisis pampulitika ay yumayanig at nagbabantang magwakas sa kanyang paghahari at umunsyami sa plano niyang manatili sa poder lampas sa 2010.

Kaya naman walang lubay ang Malacañang sa mga maniobra at kontra-maniobra, pagsisinungaling, pagpapakana at pagsasawa ng mga pasistang atake sa mamamayan.


Habang puspusan ang pagsisikap ni Arroyo na sabayang kabigin, hatiin at bulabugin ang hanay ng mga pwersang anti-Arroyo, desredo rin siyang konsolidahan ang sariling pwersa at tiyaking walang makatatayong balakid sa loob ng sariling kampo.

Masidhi ang pagnanais niyang patalsikin

si Jose de Venecia bilang Speaker ng Kongreso dahil sa papel niya at ng kanyang anak sa pagbubunyag ng anomalya sa ZTE.

Matapos mabigong pataubin si de Venecia noong nagdaang eleksyon at hadlangan ang pag-upo niya bilang Speaker noong Hunyo, walang tigil ang pagtatangka ng Malacañang na patalsikin siya sa pusisyon. Sinuhulan niya ng hanggang tigkakalahating milyong piso ang halos 200 kongresista para tiyakin ang katapatan nila sa harap ng posibilidad na kumilos si de Venecia katuwang ng mga pwersang anti-Arroyo sa Kongreso sa pagsasampa ng panibagong *impeachment* laban sa presidente.

Kagyat na nakuha ni Arroyo ang kanyang gusto sa mga nasuhulang kongresista. Mabilis pa sa alas-kwatro nilang ipinasa ang



Mga tampok sa isyung ito...

Arroyo, tuwirang sangkot sa NBN-ZTE
PAHINA 3

Pambobomba sa Glorietta, pinagtatakpan PAHINA 4

Pagtatatag ng republika, iginigiit ng CPN-M PAHINA 10

mahinang kasong *impeachment* sa Committee on Justice ng Kongreso upang idiskaril ang plano ng oposisyon na maghahapag ng tunay at mas matibay na kaso.

Pansamantalang umurong ang mga alagad ni Arroyo sa planong patalsikin ang Speaker. Nababahala sila sa banta ni de Venecia na katigian niya ang oposisyon sa pagtutulak ng *impeachment*. Pinalalabas ngayon ng Malacañang na plantsado na ang hidwaang Arroyo-de Venecia—subalit ang totoo ay maaari iyong sumambulat anumang sandali.

Ang garapalang suhulan sa palauso ay gumatong sa galit ng publiko, nagpalalim sa hidwaan sa pagitan nina Arroyo at de Venecia, nagbigay ng bala sa oposisyon at muling nagpalakas sa panawagang patalsikin na si Arroyo.

Nataranta ang rehimeng sumasambulat na krisis. Para lunurin ang ingay ng mga iskandalo, nagpasabog ito ng bomba sa Glorietta Mall sa Makati. Binalak din itong isangkalan para supilin ang mga sisiklab na protesta.

Ngunit ang dugo ng mga walang kalaban-labang napatay at nasugatan sa pambobomba ay hindi

nakabulag sa taumbayang buo ang paniniwala na ang rehimeng Arroyo lamang ang maaaring gumawa ng gayong karumal-dumal na krimen. Noong una'y pinalalabas ng rehimeng na ang pambobomba ay gawa ng mga "destabilisador." Ngunit matapos ang pagkakatuklas ng ebidensyang nagtuturo sa militar bilang pinagmulan ng ginamit na eksplosibo, ngayo'y iginigiit ng pulisia na aksidente o kapabayaan ng may-ari ng Glorietta ang sanhi ng pagsabog.

Madalian namang pinroseso ng Malacañang ang pagkakaloob ng kapatawanan kay Joseph Estrada para hatiin at pahinain ang oposisyon at idiskaril o pansamantalang hadlangan ang paglaban nito sa rehimeng.

Subalit matapos ito, walang sinuman sa oposisyon ang nagsasabing titigil sila sa pagtuligsa sa rehimeng. Puspusan ngayong naghahanda ang oposisyon, kabilang ang kampong Estrada, para sa mas malalaki pang pakikisagupa sa rehimeng. Sa loob ng Kongreso, kumakayod sila para kamtin ang kinakailangang bilang para itulak ang totohanang *impeachment*.

Samantala, nagpapanibagong-

sigla at lumalawak ang kilusang masa para patalsikin si Arroyo. Sa tindi at lalim ng galit sa naghaharing rehimeng at lakas at lawak ng panawagang patalsikin si Arroyo, nagbabadyang muling sumambulat ang dambuhalang mga protesta sa lansangan. Lalo nitong pinalalalim ang banggaan ng mga reaksyunaryo at ang hidwaan sa loob mismo ng naghaharing pangkatin. Ito rin ang nagbibigay ng higit na lakas ng loob sa oposisyong pulitikal para ipursige hindi lamang ang *impeachment* kundi lahat ng mga hakbangin para mapalitan ang rehimeng at mapanagot ito sa mga kasanalan sa bayan.

Nagbabadya ang mapagpasyang pagtutuos sa pagitan ni Arroyo at ng sambayanang Pilipino.

Para sa mga rebolusyonaryong pwersa, kilusang masa at nagkakaisang prente, malalaking hamon ang ibinubunsod ng kasalukuyang sitwasyon. Kinakailangang mabilis na kumilos ang lahat ng pwersa para malawakan at mabilisang pukawin ang mamamayan, tipunin sa lansangan ang kanilang galit at isalin ito sa madagundong na pagkilos para patalsikin ang rehimeng.

Kaalinsabay, kailangang patuloy na tiyakin ng lahat ng mga pambansa-demokratikong pwersa ang masinsin at solidong pag-organisa. Ito ang magsisilbing solidong pundasyon ng malawak na kilusang masa, magbibigay dito ng malinaw na direksyon at magtitiyak na magsisilbi ito sa lahatang-panig na pagsusulong ng rebolusyon ng Pilipino.

Mahusay na pamunuan ang mamamayan. Iluwal ang malawakan nilang inisyatiba. Pakilusin ang kanilang malaking bilang sa lansangan. Samantalahan ang lumalalim na lamat sa hanay ng naghaharing uri. Ibayong palaparin ang nagkakaisang prente. Puspusang makibaka upang ihiwalay at wakasan ang rehimeng Arroyo.

AB

ANG Bayan

Taon XXXVIII Blg. 21 Nobyembre 7, 2007

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal

Mapagpasyang pakikipagtuos sa rehimeng Arroyo, direktang sangkot sa ZTE	1
Estrada, pinalaya ni Arroyo	3
Pare-parehong sinungaling	3
Pambobomba sa Glorietta, pinagtatakpan	4
Bumabagsak na mga kita	5

Pananalanta ng pasistang estado

Nagpapatuloy ang pamamaslang	6
<i>Writ of amparo</i>	6
Kampanyang demolisyon ng MMA	7
Pagsalaula sa obra ng Neo-Angono	8
Pinal na ulat ni Alston, inilabas na Gubyernong Dutch binatikos ng PPT	9
	9

Sa ibayong dagat

Republika, iginigiit ng CPN-M	10
Martsa ng magsasaka sa India	10

Balita 11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Gloria Arroyo, direktang sangkot sa iskandalong ZTE

Tuwiran nang isinangkot ni Jose "Joey" de Venecia III, anak ni Speaker Jose de Venecia, si Pres. Gloria Arroyo sa maanomalyang kontratang NBN-ZTE. Aniya, tinanong daw ni Arroyo si Sec. Romulo Neri kung bakit hindi tinanggap ang ₱2 milyong suhol na iniaalok sa kanya ni dating COMELEC Chairman Benjamin Abalos.

Ibinunyag din niyang nakatakda sanang tumanggap ang asawa ng pangulo na si Jose Miguel Arroyo ng ₱70 milyon (mahigit ₱3 bilyon) sa naudlot na kontrata. Ani Joey de Venecia, ito ang sinabi sa kanya ni Enrique Razon Jr, isang malaking negosyante at matalik na kaibigan ni G. Arroyo.

Ibinunyag din ng nakababatang de Venecia ang plano ng mga dating heneral na sina Leandro Mendoza ng DOTC, Reynaldo Berroya at Ricardo Dapat na ipalikida silang mag-ama. Ang impormasyong ito ay ipinaabot ni Gen. Jaime de los Santos, dating hepe ng Philippine Army, sa pamilyang de Venecia sa pamamagitan ni Atty. Raul Lambino na abugado ng Speaker. AB

Estrada, pinalaya ni Arroyo

Halos isang buwan lamang matapos mahatulang nagkasala si Joseph Estrada sa kasong pandarambong, dali-dali siyang ginawaran ng *pardon* o kapatawaran ni Gloria Arroyo. Nitong Oktubre 26, pinalaya si Estrada matapos ang mahigit anim na taong pagkakabimbin sa bahay niya sa Tanay, Rizal.

Ginawang kundisyon sa pagpapatawad ang pagtupad ni Estrada sa hatol ng korte na isauli ang mga nakaw na ari-arian at ang pangakong di na siya muling tatakbo para sa anumang pusisyon sa gubyerno. Subalit kaagad lumalabas sa kanyang pagkilos na walang balak si Estrada na sundin ang mga kondisyon na ito.

Ang hakbanging ito ng Malacañang ay maniobra para lamang maisalba ang sarili sa matinding krisis. Marami ang tumuligsa sa bilis ng pagbibigay ni Arroyo ng *pardon* kabilang ang mga abugadong naglitis sa mga kasong *impeachment* sa Senado at pandarambong sa Sandiganbayan.

Kabilang din sa mga pumuna sa *pardon* ang No Pardon for Erap Movement (NOPE) na alyansa ng mga grupo ng mga abugado at mga progresibong organisasyon, Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at mga partidong Bayan Muna, Gabriela at iba pa. AB

Pare-parehong sinungaling

Inako ng League of Provinces of the Philippines (LPP) ang responsibilidad sa insidente ng pamumudmod ng pera sa mga gubernador noong Oktubre 12 sa Malacañang. Ang atrasadong pahayag na ito ng LPP—dalawang linggo matapos ang pagtuturuan at pagmamaang-maangan—ay walang ibang layunin kundi pagtakpan ang pananagutan ni Arroyo.

Buhul-buhol na ang mga kasinungalingan ng mga alipures ni Gloria Arroyo. Bago ito, nagpalabas ng pahayag ang LPP na wala ni isa sa mga myembro ni-to ang nakatanggap ng pera. Ang huling pag-amin ng LPP ay lalo lamang kumumbinsi sa mamamayan na mismong ang Malacañang ang nanunuhol.

Gayunpaman, hindi niyon sinasagot ang maraming mga katanungan. Nagtatanong ang marami kung bakit sa Malacañang naganap ang bigayan ng pera at hindi sa upisina ng LPP. At bakit magkareho ang *paper bag* na nilagyan ng pera para sa mga gubernador at mga kongresistang naunang pinulong ni Arroyo sa Palasyo.

Ayon pa sa pitong datihang gubernador na myembro ng LPP, ngayon lamang nila nalaman na may gayong pondo pala ang LPP. Lalong malala ay walang maipakitang resibo ang LPP sa ibinigay umanong tulong para sa *confidence building* ng mga bughang gubernador.


Hirap na hirap din ang Malacañang na ipaliwanag ang ibinunyag ni Gov. Joselito Mendoza ng Bulacan na sa isang kwarto sa palasyo naganap ang suhulan. At ito ay sa presensya nina Department of Interior and Local Government Undersecretary Austere Pandero at Edward Plaza, upisyal ng Philippine Amusement and Gaming Corporation.

Samantala, inako naman kamakailan ng Kampi, ang partido ni Arroyo, ang pamimigay ng pera sa mga kongresistang ipinatawag sa Palasyo. Ginawa ang pag-ako ni House Deputy Speaker Ma. Amelita Villarosa, lider ng Kampi, isang buwan matapos unang mabunyag ang iskandalo. Tulong iyon umano sa mga kongresistang myembro ng Kampi.

Hindi maipaliwanag ni Villarosa kung bakit pati mga kongresistang myembro ng Lakas ay nabigyan din ng "tulong."

Batid rin daw ni Gloria Arroyo ang plano ng Kampi. Kung gayo'y nakapagtataka kung bakit nagpatawag pa ng imbestigasyon si Arroyo hinggil sa naganap na pamumudmod ng pera.

Alam din umano ito ni Ronaldo Puno, tagapangulo ng Kampi, kalihim ng Department of the Interior and Local Government at tagapayo sa pulitika ni Arroyo. AB



Pambobomba sa Glorietta, pinagtatakpán ng rehimen

Lalong tumibay ang mga patunay na ang rehimeng Arroyo nga ang utak ng pambobomba sa Glorietta 2 sa Makati City noong Oktubre 19 nang lumantad na sa publiko ang isang testigo. Kasabay nito, lumabas ang resulta ng imbestigasyon ng mga dayuhang ekspertong kinomisyon ng Ayala Land Inc. (ALI), may-ari ng Glorietta 2.

Ang testigo, si Ronald Ramos alias Abdul Rackham, ay nagpaki-lalang myembro ng isang *special operations group* sa ilalim ni National Security Adviser Norberto Gonzales mula 2004 hanggang 2006. Kasama niya sa grupo ang ilang elemento ng Armed Forces of the Philippines-National Capital Region Command. Ani Ramos, naging trabaho niya ang pagmonitor sa ilang *mall* sa Metro Manila, kabilang ang Glorietta. "Tiningnan ko ang *security* sa Glorietta, at sabi ko sa report, pinakamahina ang *security* sa Glorietta." Siya rin daw ang nagrekomenda kung saan mainam ilagay ang bomba sa Glorietta. Kumbinsido si Ramos na ang kanyang ginawang surbeylans ay kaugnay ng pambobomba sa Glorietta 2.

Si Ramos ang una sa tatlong

testigo sa pambobomba sa Glorietta 2 na ipinangakong ilalabas ni Sen. Antonio Trillanes IV sa tamang panahon.

Labing-isa ang namatay at 120 ang nasugatan sa pagsabog.

Nauna nang ibinunyag ni Trillanes at ng mga kasama niyang nag-alsa sa Oakwood Hotel sa Makati noong Hunyo 2003 ang tungkol sa papel ng noo'y Defense Secretary Angelo Reyes, ISAFP Chief Victor Corpus at AFP Chief Gen. Hermogenes Esperon Jr., sa likod ng "Oplan Greenbase." Ang "Oplan Greenbase" ay ang kodang ginamit ng mga yunit panseguridad at militar na nagpasabog ng mga bomba sa paliparan at pyer ng Davao City noong Marso at Abril 2003 na ibinibintang nila noon sa Moro Islamic Liberation Front para palabasing

naghahasik ito ng "teroristang lagim," kasabwat umano ang Abu Sayyaf.

Samantala, pinabulaanan ng mga dayuhang ekspertong kinumisyon ng ALI ang ipinagpipilitan ng Philippine National Police (PNP) na *methane gas at diesel* ang sanhi ng pagsabog sa Glorietta. Anila, ang pagsabog ay lumikha ng napakalakas na pwersang bumaluktot sa malalaking bakal, nagpatilapon sa maraming sasakyen sa *delivery area* at nagtulak pataas hanggang 14 metro sa istruktura ng Glorietta 2 Mall. Imposible raw ito kung simpleng pagsabog lamang ng *diesel* at *methane* ang nangyari.

Matapos katigan ng Malacañang ang iiginijit ng PNP na mga kemikal ang sanhi ng pagsabog sa Glorietta 2, nagpalipad-hangin na ang pulisya na kakasuhan ang ALI ng pagpapabaya. Layunin ng pagbaling ng kasalanan sa ALI na matabunan na ang katotohanang pakana ng rehimeng Arroyo ang pambobomba upang magkaroon ito ng dahilang magpataw ng *emergency rule* o batas militar. Matatandaang sunud-sunod na pambobomba rin ang isinangkalan ni Ferdinand Marcos para magdeklara ng batas miliar noong 1972.

Nang walang kumagat sa kuento ng Malacañang na gawa raw ng Raja Solaiman Movement ang pambobomba, inatasan na lamang nito ang PNP at kinutsaba ang mga dayuhang imbestigador mula sa US, Australia at Israel para katigan ang kongklusyon nito na aksidente ang pagsabog. Sa kabilang ito ng pagkakadiskubre ng mga bahid ng kemikal na RDX, isa sa mga sangkap ng bombang C4, na militar lamang ang may hawak. Umiiwas magpaliwanag ang lokal na pulisya tungkol sa natuklasang mga bahid ng RDX sa lugar. Ginipit naman at pilit pinatahimik si Maj. Allan Sollano ng AFP na nakatuklas ng mga bahid ng RDX sa pinangyarihan.

AB

Bumabagsak na mga kita

Walang tigil at harap-harapan na ang pagsisinungaling ng rehimen ng Arroyo kaugnay ng mga datos ng pag-unlad at kahirapan. Kamakailan, inutusan nito ang National Economic and Development Authority (NEDA) na palabasing lumalaki na ang kita ng mga pamilyang Pilipino at umaahon na sa kahirapan ang malaking bahagi ng mamamayan. Taliwas ito sa resulta ng Family Income and Expenditure Survey (FIES) para sa taong 2003 at 2006 na isinagawa ng National Statistics Office (NSO).

Ang FIES ay sarbey ng kinikita ng mga Pilipinong nagtatrabaho. Inaalam dito ang padron ng gastos ng mamamayan—kung anu-anong mga produkto at serbisyo ang pinagkakagastusan nila at kung saan ang mga produkto at serbisyo naman sila nagtitipid. Ang FIES din ang ginagamit na upisyal na suktan ng kahirapan at di pagkakapantay-pantay.

Ayon sa pagsusuri ng NSO, bumagsak ang taunang abereyds na kita ng mga Pilipino nang 2.7% kung ibabatay ito sa tunay na halaga ng piso. Mula ₱148,000 noong 2003, nasa ₱144,000 na lamang ito pagsapit ng 2006. Isang pala-tandaan ng pagliit ng kita ng mga Pilipino ay ang paglaki ng bahaging inilalaan nila para sa pagkain. Kapag lumiliit ang kita, ayon sa NSO, lumalaki ang bahagi nito na napupunta sa pagkain. Sa panahon ng kagipitan, tinitipid kundiman lubusan nang binibitawan ng maraming pamilya ang iba pang batayan yang pangangailangan at serbisyo.

Gayundin, lumalaki ang agwat sa pagitan ng pinakamahirap at mayayamang Pilipino. Noong 2003, ang pinagsamang kita ng 10% pinakanakaririwasang pamilya ay 20 ulit na mas malaki sa kinikita ng pinakamahirap na 10%. Batay sa FIES ng 2006, pinaghahati-hatian ng 30% pinakamahirap na pamilyang Pilipino ang 8.6% ng pangkabuuang kita. Sa kabilang banda, 36% ng pambansang kita ang napupunta sa 10% pinakamayayamang pamilya. Ayon sa *Forbes Asia*,

umaabot sa ₱773.5 bilyon ang pinagsamang kita ng 40 pinakamayayamang Pilipino. Katumbas ito ng kita ng 60% o 52 milyong Pilipino. Kung ikukumpara ang mga datos mula sa FIES ng 2003 at 2006, makikitang tumaas pa mula 82% tungong 86% ang naghihirap nitong nakaraang tatlong taon.

Tinukoy ng NSO na mas malaki ang tantos ng paglaki ng kita ng pinakamahirap—abereyds na 17.5%—kumpara sa bilis ng paglaki ng kita ng nasa panggitna at matataas na saray na tumaas lamang nang 15.9%. Wala halos itong pagkakaiba, at lalong walang silbi sa kalagayang napakalayo ng agwat ng kita ng mahihirap at mayayaman. Ayon pa sa isang ekonomista, ang paglaki ng kita ay hindi nangangahulugan ng paglaki ng tunay na halaga nito. Kung ikukunsidera ang nagtaasang presyo ng serbisyo at produkto, labas na mas maliit ang halaga ng pangkabuuang kita ngayon ng mga Pilipino kumpara noong 2003.

Inaakala ng rehimen na sa pamamagitan ng pahayag ng NEDA, matatahimik ang mga bumabatikos sa panlilinlang ng gubyerno sa datos sa ekonomya. Pinagdududahan ng maraming sektor, kabilang ang ilang mga kritikal na ekonomista, ang mga datos ng pag-unlad na inilabas ng gubyerno, partikular

ang diumano'y pagtaas ng *gross national product* (GNP) sa ikalawang kwarto ng 2007.


Nilayon din ng rehimen na itago ang laganap na kagutuman at kahirapan na tampok sa magkakasunod na mga sarbey, kabilang ang isinagawa ng Social Weather Stations noong Setyembre. Ayon sa SWS, umabot na sa 3.8 milyong pamilyang Pilipino o 21.5% ang na-gutom nang di bababa sa isang beses sa nagdaang tatlong buwan. Nilagpasan nito ang dating naitalang rurok na 19% noong Nobyembre 2006 at Pebrero 2006. Dahil dito, mas mataas na ngayon nang

10% ang bagong abereyds na tantos ng kagutuman kumpara sa abereyds na 11% noong nakaraang siyam na taon.

Samantala, ayon sa pinakahuling estadistikang inilabas ng Department of Labor and Employment (DoLE), mula 2004 hanggang

2006 ay lumaki nang 100% ang bilang ng mga natanggal sa trabaho sa Metro Manila dulot ng pagsasara ng kanilang mga pinatratrabaung kumpanya.

Itinaon ng rehimen ang paglabas ng pahayag ng NEDA sa pagbisita ng tim ng International Monetary Fund na noo'y nagsasagawa ng rebyu sa batayang kalagayan ng ekonomya. Laking tuwa nito nang ideklara ng IMF na pumapangalawa ang Pilipinas bilang "best showing" na ekonomya sa Asia. Gayunpaman, hindi matatakasan ng rehimen ang pagbatikos at pagkamuhi sa lantaran na nitong pandudoktor at panloloko. Hindi na ito masikmura manging ng mga reaksyunaryong ekonomista. Habang dumarami ang mga kasinungalingan ng rehimen, lalo namang nagiging klaro ang pagiging bulaan nito.





Nagpapatuloy ang pamamaslang

Patuloy ang paghahasik ng lagim ng mga berdugo ng rehimeng US-Arroyo sa kanayunan. Ang sumusunod ay ilan sa mga nakalap na ulat ng *Ang Bayan*:

Nobyembre 2. Inaresto ng pinagsanib na pwersa ng mga pulis at militar si Ricardo Bellamia, 47, organisador ng National Federation of Labor at Kilusang Mayo Uno sa Cebu, sa bintang na siya ay kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ayon sa kanyang asawa, dinampot

si Bellamia sa kanyang bahay sa Barangay Casay, Dalaguete, Cebu at nakadetine sila ngayon sa Guadalupe Police Station ng naturang lunsod.

Oktubre 28. Bandang alas-4 ng hapon nang damputin ni Lt. Alex Elnar ng 62nd IB sa Barangay Dos,

Pinabacdao, Samar si Flor Acbo, tagapagsalita ng BAYAN-Eastern Visayas. Dinala siya sa himpilan ng 62nd IB sa bayan ng Calbiga. Tatlong araw siyang isinailalim sa interogasyon tungkol sa umano'y kaugnayan niya at ng BAYAN sa BHB. Pinakawalan lamang siya makaang mabunyag sa publiko ang pagkakadukot sa kanya.

Oktubre 26. Alas-5 ng umaga nang patayin ng mga berdugo ni Arroyo si Arturo Tolentino, 64, sa kanyang bahay sa Samal, Bataan. Nagpakilalang pulis ang mga salarin nang pwersahan silang pumasok sa kanyang bahay upang ares-tuhin umano siya. Pinosasan ng mga "pulis" ang kanyang pamilya at pinadapa habang pinalabas si Tolentino. Ilang sandali lamang ay nakarinig na ang mga kasambahay ni Tolentino ng putok. Nang pakawalan na sila, nakita na lamang nilang nakasandal sa pader si Tolentino at patay na.

Oktubre 24. Dinukot ng mga elemento ng AFP si Pedro Calilung, isang organisador ng mga manininda sa palengke ng Guagua, Pampanga. Huling nakita si Calilung mga alas-9 ng umaga sa palengke. Dalawang araw matapos siya duku-tin, nakausap pa siya sa *cellphone* ng isa sa kanyang mga kasamahan. Ayon sa natu-



Mga biktima ng AFP, ginawaran ng *writ of amparo*

Ginawaran ng Korte Suprema ng *writ of amparo* noong Oktubre 29 ang mga magulang nina Sherlyn Cadapan at Karen Empeño, mga nawawalang estudyante ng UP. Hiniling ng dalawang ina na ma-inspeksyon ang Camp Tecson sa Bulacan, Fort Magsaysay sa Nueva Ecija at isang kampo sa Limay, Bataan. Sa mga kampong ito nakita ng mga saksi ang dalawang dinukot noon pang Hunyo 2006 sa Hagonoy, Bulacan.

Gayunman ay tumanggi ang militar na ibukas ang naturang mga lugar sa mga imbestigador at mga magulang at kamag-anak ng mga nawawalang estudyante.

Iginawad rin ang *writ of amparo* sa magkapatid na Raymond at Reynaldo Manalo. Dinukot at 18 buwang ibinimbin ng AFP ang magkapatid. Agad nilang hiningi ang proteksyon ng Korte Suprema nang makatakas sila noong Agosto. Saksi ang magkapatid sa pagdukot at pagdetine ng AFP sa dalawang estudyante at sa kalauna'y pagpatay kay Manuel Merino, ang kanilang kasamang magsasaka. Iginawad sa kanila ang *writ of amparo* bilang mga saksi.

Ayon sa mga ina nina Karen at Sherlyn, ang isinampa nilang petisyon para sa *writ of habeas corpus* ay balewala dahil ikinaila ng militar na nasa kustodya nila ang kanilang mga anak.

Sa tala ng Karapatan, may 184 na kaso ng *enforced disappearance* sa kasalukuyan. Bilang suporta sa dalawang ina, naglunsad si la ng kilos-protesta laban sa militar sa harap ng Korte Suprema.

Inaprubahan din ng Korte Suprema ang petisyon para sa *writ of amparo* ni Lourdes Rubrico (Nanay Ude) at dalawang anak niya noong Oktubre 30. Si Nanay Ude ay lider ng mga maralitang-lunsod ng Cavite na dinukot ng mga elemento ng 301st Air Intelligence and Security Squadron noong Abril 3, at idinetine sa base nila sa Lipa City. Sa kanyang petisyon, sinabi nina Nanay Ude na sila ay palagi pa ring binubuntutan ng mga nakamotorsiklong mga lalaki at minamanmanan ang kanilang bahay at mga aktibidad.

AB



nging sagot ni Calilung ay nakiki-pagkita siya sa kanyang mga kamag-anak. Ngunit nang tanunin naman ang kanyang mga kamag-anak, sinabi nilang wala siya sa kanila at hindi nila alam kung nasaan.

Oktubre 16. Isang walong taong gulang na bata sa Tuburan, Cebu ang dinukot ng militar at ipinailalim sa interogasyon. Pinilit siya ng mga militar na amining mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan ang kanyang mga magulang. Papauwi si Nena, di tunay na pangalan, mula sa Mag-alwa Elementary School nang dukutin siya ng mga tropa ng 78th IB at dalhin sa kanilang detatsment sa Barangay Gaang. Para pagtakpan ang krimen, ipinagkalat ng militar na inabandona si Nena ng kanyang mga magulang. Mariin itong pinabulaanan ng kanyang tiyahing si Liza Baldespinosa na nag-aalaga sa kanya.

Setyembre 1. Pinatay sa tortyur ng mga tropa ng 21st IB si Fernan "Ka Uno" Reyes matapos mahuli sa Barangay Balanni, Sto. Niño, Cagayan. Nasugatan si Ka Uno sa sagupaan ng BHB at militar sa naturang lugar noong araw ding iyon. Namatay ang dalawang tropa ng AFP sa naturang sagupaan.

Tinapyas ng militar ang isang tainga ni Ka Uno at hinayaang maibusan ng dugo. Nang mama-tay si Ka Uno, hindi agad na ibinigay ng AFP ang bangkay sa pamilya. Sa halip, ginamit nila itong pain sa mga kasama niyang Pulang mandirigma. Hinayaan nila itong maulanan at maagnas sa isang lugar na mahigpit nilang binantayan. Napilitan na lamang silang ibigay sa pamilya ang bangkay nang magdema-na ang mga magulang at ang mga upisyal ng barangay.

AB



15,000 sundalo, gagamitin sa kampanyang demolisyon ng MMDA

Aabot sa 15,000 mga sundalo mula sa National Capital Region Command ng Armed Forces of the Philippines (AFP-NCR) ang planong gamitin ng Metro Manila Development Authority (MMDA) sa pagpapaigting ng kampanyang demolisyon nito laban sa mga maralitang tagalunsod.

Libu-libong pamilya na ang naging biktima ng mararahas na operasyong demolisyon ng Side-walk Clearing Operation Group ng MMDA (MMDA-SCOG) nitong nagdaang mga buwan sa Metro Manila.

Pinakahulang biktima ng operasyon ng MMDA-SCOG ang mga maglalako na pinalayas nitong Oktubre 31 sa daanan at pasukan ng sementeryo ng La Loma at Sangandaan. Kumaripas ng takbo ang iba, dala-dala ang kanilang mga paninda samantalang ang iba ay nadakip. Sinamsam ng MMDA-SCOG ang kanilang mga panindang kandila, bulaklak at pagkain.

Noong araw ding iyon, giniba ng mga tauhan ng MMDA ang mga tirahan ng mga maralita sa Barangay Katipunan, Muñoz, Quezon City nang walang anumang abiso o

kaukulang mga kautusan.

Bago ito, noong Oktubre 28, isandaang kabahayan ng mga maralita ang winasak ng mga tauhan ng MMDA sa mga lunsod ng Pasay, Makati at Quezon City. Gamit ang crane, giniba ng 250 pwersa ng MMDA-SCOG ang 60 kabahayang tinitirahan ng mahigit 1,000 pamilya sa Barangay 51 sa Pasay at Barangay Palanan at San Isidro sa Makati City. Mayroon nang 60 kabahayang giniba ng MMDA-SCOG noong Agosto 20 sa lugar ding iyon. Libu-libo pang pamilya na naninirahan sa dalawandaang kabahayan ang binigyan na lamang ng isang linggong palugit bago gibain ang kanilang mga tahanan.

Noon ding Oktubre 28 ay 40 kabahayan ang giniba sa Litex Road, Barangay Commonwealth, Quezon City. Ninakaw pa ng mga



tauhan ng MMDA ang mga kawad ng kuryente at tubo ng tubig na nakakabit sa mga bahay. Isang linggo bago ito ay mayroon nang 500 kabahayan na pwersahang wi-nasak ng MMDA noong Oktubre 21 sa mga lunsod ng Navotas, Caloocan, Malabon at Valenzuela.

Simula pa sa pagpasok ng taong kasalukuyan ay walang habas nang isinasagawa ng MMDA ang kampanya nito ng demolisyon. Noong Enero 5, isang maninindang Moro ang namatay at tatlo ang grabeng nasugatan nang pagbabarilin sila ng mga tauhan ng MMDA sa Baclaran, Parañaque. Sinundan ito ng marahas na pagdemolis sa mga barungbarong ng 54 pamilyang nakatira sa San Andres Bridge 1 sa Paco, Maynila noong Pebrero 28. Pinaputukan din ng mga pulis ang mga residente.

Pagpasok ng buwan ng Hunyo ay 332 pamilya ang pinalikas sa Baclaran. Di nagtagal ay sinimulan ang demolisyon sa mga kabahayan sa North Triangle, EDSA. Hindi tutuluy-tuloy ang demolisyon dahil sa mga aksyong protestang inilunsad ng mga residente.

Pagsapit ng Agosto, pwersahang giniba ang 60 bahay ng mga maralita sa hangganan ng Pasay at Makati at pinagbantaan ang mga residente sa mahigit 200 bahay na marahas silang palalayasin kung hindi sila boluntaryong magsisikas. Pinagbantaan din ng MMDA na palalayasin ang mga residente ng 10 barangay sa tabi ng ilog ng San Juan. Pagsapit ng Setyembre, 100 barungbarong ng mga maralita ang walang awang giniba ng mga pwersa ng MMDA sa Barangay Commonwealth, Quezon City. Dalawandaan pang kabahayan ang nakatakdang idemolis subalit napi-pigilan pa dahil sa pakipagnegosasyon ng mga taong simbahan.

Desidido ang MMDA sa pamu-

Pagsalaula sa obra ng Neo-Angono, binatikos

Binatikos ng Neo-Angono Artists Collective (NAAC) at iba pang mga alagad ng sining ang pagsalaula ng National Press Club (NPC) sa isang *mural* (larawang ipininta sa pader o dingding) na ipinagawa nito sa NAAC. Ang tema ng 8 por 32-piyeng *mural* ay ang kasaysayan ng kalayaan ng pamamahayag. Nagpapakita ito ng isang lalaking nagbabasa ng pahayagan sa gitna ng isang mataong kalsada. Mga bantog na personahe sa kasaysayan ang kumatawan sa iba't ibang tao sa kalsada.

Noong bisperas ng pagpapasinaya sa *mural*, kung saan bisitang pandangal si Gloria Arroyo, nag-inspeksyon ang mga tauhan ng Presidential Security Group. Napuna nila ang maraming anila'y "bakas ng Kaliwa" sa *mural* at sinabihan si Roy Mabasa, presidente ng NPC, na dapat alisin ang mga iyon. Ipababago sana ng liderato ng NPC sa Neo-Angono ang *mural*, pero tumanggi sila dahil hindi sila sangayon sa mga gustong ipabago at lampas na ito sa napagkasunduang tatlong linggo para sa anumang pagbabago. Kumuha na lamang ang presidente ng NPC ng ibang pintor para gawin ang mga pagbabago para umayon sa kagustuhan ng Malacañang.

Sentral na elemento sa orihinal na obra ang dyaryo kung saan nakalathala ang pahayag ng International Federation of Journalists na tumutuligsa sa Anti-Terror Law. Pinalitan ito ng isang halimaw na nakakulong sa hawla. Ipinakita rin si Jose Rizal na nagbabasa ng pahayagan kung saan ang ulo ng balita ay tungkol sa pagdokot kay Jonas Burgos. Pinalitan ito ng "Patuloy ang laban para sa kalayaan sa pamamahayag." Binago rin ang mga mukha nina Jonas at ina niyang si Edita sa dyaryo.

Sa eksenang nagpapakita ng isang rali, binura ang pangalan ng militanteng National Union of Journalists of the Philippines mula sa isang istrimer na dala-dala ng mga demonstrador. Ipinakita rin sa *mural* si Andres Bonifacio na may tatong "K" ng alibata sa kanyang braso. Ang tato ay pinalitan ng pusong may nakatusok na palaso dahil "maka-Kaliwang simbolo" raw ang orihinal. Binago rin ang mga itsura ng mga anti-Arroyong personahe tulad nina Prof. Randolph David at kolumnistang si Juan Mercado.

Anang mga kritiko, katawa-tawang ang NPC mismo ang sumusupil sa kalayaan sa pamamahayag.

AB

muno ni Bayani Fernando na isagawa ang pwersahang pagpapalikas sa kabilang mahigpit na pagtutol ng mamamayan para bigyang-daan ang mga proyekto para sa mga lokal at dayuhang mamumuhunan. Ilang halimbawa nito ang pagtatayo ng gubyerno ng mga proyektong pang-imprastruktura tulad ng pag-

papalapad ng kalsada at tulay, konstruksyon ng riles at iba pa.

Dahil buhay na ang nakataya sa pwersahang pagpapalikas sa mga maralitang residente, wala silang ibang mapagpipilian kundi ang lumaban para ipagtanggol ang kani-lang kabuhayan at mga batayang karapatang-tao.

AB

Pinal na ulat ni Alston, inilabas na

Pormal nang isinumite ni Prof. Philip Alston sa United Nations (UN) General Assembly noong Oktubre 30 ang kanyang ulat kaugnay ng kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas. Isinagawa ni Alston, Special Rapporteur ng UN Commission on Human Rights (UNCHR) ang kanyang imbestigasyon sa Pilipinas noong nakaraang taon. Natuloy ang presentasyon ni Alston sa kabilang presensya ni Executive Secretary Eduardo Ermita. Ipinadala roon ni Gloria Arroyo si Ermita sa tangkang maibisan ang epekto ng ulat ni Alston.

Sinalamin ng pinal na ulat ang nauna nang isinapublikong inisyal na kongklusyon ng imbestigasyon sa kabilang pagtatangka ni Arroyo na palabnawin ito.

Ayon sa ulat, isa ang Pilipinas sa 30 bansa sa buong mundo na may kumpirmadong ulat ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang. Wasto nitong tinukoy ang Oplan Bantay Laya bilang balangkas ng pamamaslang ng mga progresibong aktibista sa ilalim ng anim na taong panunungkulan ni Gloria Arroyo. Binatikos nito ang gawi ng rehimeng Arroyo sa pagpapatupad nito ng mga rekomendasyon ni Alston. Partikular dito ang paggalang ng militar sa karapatang-tao at pagtigil ng karahasan laban sa mga ligal na organisasyon.

nitong Nobyembre 5 ang pagbibigay ng dagdag na \$2 milyong ayudang pang-ekonomya at militar sa rehimeng Arroyo sa pagpapatupad nito ng mga rekomendasyon ni Alston. Partikular dito ang paggalang ng militar sa karapatang-tao at pagtigil ng karahasan laban sa mga ligal na organisasyon.

AB



Pagkumpiska ng gubyernong Dutch sa mga dokumento ng PPT, kinundena

“Nakakahiya ang gubyernong Dutch,” ito ang mariling batikos ni dating Ambassador Øystein Tveten ng Norway, isa sa anim na hukom ng Permanent Peoples’ Tribunal (PPT) Second Session on the Philippines.

Binatikos ni Tveten ang gubyerno ng The Netherlands dahil sa pagkumpiska ng pulisia sa mga dokumento ng PPT noong Agosto 28 kasabay ng pag-aresto nila kay Prof. Jose Maria Sison ng National Democratic Front of the Philippines.

Ang mga kagamitan at dokumento ng PPT ay kinumpiska ng pulisia ng The Netherlands mula sa tahanan ni Dr. Angelica M. Gonzales, Executive Director ng International Coordinating Secretariat ng PPT. Sinalakay ang bahay ni Dr. Gonzales kasabay ng pagreyd sa upisina ng NDFP International Office at lima pang bahay ng mga *political refugee* na naninirahan doon.

Hindi akalain ng mga internasyunal na hurado na magagawa ng gubyernong Dutch ang pagsamsam sa mga dokumentong naglalaman ng mga testimonya ng mga saksi laban sa mga pang-aabuso sa laban sa mamayang Pilipino ng rehimeng Arroyo. Pinangangambahay ng mga hurado ng PPT na gagamitin ang mga testimonya ito laban sa mga tumestigo laban sa rehimeng Arroyo.

Noong Marso, hinatulan ng PPT ang gubyernong Arroyo at US na nagkasala sa malawakang paglabag sa karapatang-tao, pampolitika, pang-ekonomya at karapatang sibil.

AB



Pagtatatag ng republika, iginigiit ng CPN-M

Umiigting ang pakikibaka ng mamamayan Nepali laban sa monarkiya sa kanilang bansa. Nitong Nobyembre, matagumpay na nai-giit ng Communist Party of Nepal-Maoist (CPN-M) sa gubyernong koalisyon na simulan na ang paghahanda para sa pagdedeklara ng republika ng Nepal.

Sa isang espesyal na sesyon ng interim na parlamento noong Oktubre, inaprubahan ng mayorya ang mosyon ng mga komunista na nanawagan para sa transformasyon ng bansa tungo sa isang republika bago ang eleksyon para sa *constituent assembly* na nakatakdang Nobyembre 22. Inaprubahan din ng mayorya ang mosyon nitong nagtitikay na katumbas ng laki ng bawat partido ang makukuha nitong pwesto sa *constituent assembly*. Gayunman, hindi pa ganap na republika ang bansa dahil hindi pa ito pinagtibay ng 2/3 ng parlamento.

Pero dahil sa tunitinding presyur mula sa mamamayan at mga partidong komunista, napilitan si Girija Prasad Koirala, punong ministro ng gubyernong koalisyon, na sabihing sa praktika ay isa nang republika ang Nepal.

Ang pagbuwag sa monarkiya ang isa sa mga batayan ng CPN-M sa pakikipag-alyansa sa anim pang malalaking partidong pulitikal at pagpasok sa interim na parlamento noong 2006. Pinagkaisahan noon ang paghalal ng *constituent assembly* na magbabalangkas ng konstitusyon ng bubuuing republika. Ipaubaya rin sa halal na *constituent assembly* ang desisyon kung kailan at paano lalansagin ang monarkiya. Gayunpaman, may kapangyarihan ang interim na parlamento na buwagin ang monarkiya kung nakikialam ito sa mga demokratikong proseso na inilatag ng

koalisyon gubyerno.

Bago ito, nagbitiw sa pwesto ang mga kinatawan ng CPN-M dahil sa pagtanggi ng Nepali Congress Party (NCP), ang pinakamakapangyarihang partido sa gubyernong koalisyon, na harapin at tugunan ang mga hinaing ng mga komunista sa parlamento.

Ramdam ng mga kinatawan ng CPN-M at ng mga sektor ang pagmamaliit at pagbalewala sa kanila ng NCP at mga kadikit na partido. Iginigiit na rin ng CPN-M sa koalisyon na formal na ideklara na ng parlamento ang pagiging ganap na

republika ng bansa bago pa man ang eleksyon dahil sa lumalalang pakikialam ng hari sa prosesong elektoral. Anang CPN-M, wala nang dahilan para patuloy pang umiral ang monarkiya at dapat na itong wakasan sa lalong madaling panahon. Habang tumatagal, nabibigyan lamang ito ng puwang na muling makapagpalakas at makapanggulo. Katunayan, nakatanggap ng impormasyon ang CPN-M na nagpaplanong kudeta ang hari para patalsikin sa gubyerno ang mga komunista.

Sa labas ng parlamento, naglunsad ng mga kilos protesta ang mga demokratikong organisasyon bilang suporta sa hakbang ng mga komunista. Nagbabala silang hindi gagalangin ang eleksyon sa *constituent assembly* kung gagamitin ito ng hari para makapanatili sa poder.

Sa rekomendasyon ng CPN-M, ipinagpalibutan ang eleksyon para sa *constituent assembly*. AB

Martsa ng magsasaka sa India, matagumpay

Matagumpay ang martsang isinagawa ng mahigit 25,000 magsasaka sa India noong Oktubre. Tinawag nila itong *Janadesh* o hatol ng bayan. Ang martsa na nilahukan ng mga magsasaka, pambansang minorya, manggagawang bukid, mga monghe at kaalyado nila ay inilunsad para i-igiit ang karapatang magmay-ari ng lupa at iba pang benepisyo sa pagsasaka.

Anila, 40% ng mamamayan ng India ay walang lupa at lugmok sa kahirapan.

Tinutulan nila ang mga higanteng imparaistrukturang itatayo sa kanayunan ng India kung saan maraming magsasaka ang mapapalikas. Kabilang dito ang isang planta ng petrokemikal at pagawaan ng barko kung saan 8,900 ektarya sa silangang India ang apektado. Hindi na ito itinuloy makaraang patayin ng mga ahente ng estado ang 14 na magsasakang nagprotesta noong Marso.

Dumating sila sa New Delhi, kabisera ng India, noong Oktubre 28, matapos bagtasin ang mahigit 325 kilometro.

Isa sa mga tagumpay na nakamit ang pagbubuo ng isang komite sa reforma sa lupa sa ilalim ng *interior ministry* kung saan kalahati ng mga kasapi ay magsasaka at mga pambansang minorya na walang lupa.

Mga ambus, inilunsad ng BHB sa Masbate at Negros

DALAWANG magkasunod na ambus ang inilunsad ng mga Pulang mandirigma ng Jose Rapsing Command ng BHB sa Masbate laban sa pulisia sa isla noong Oktubre 29 at 31. Nakasamsam ang mga gerilya ng isang M16 at mga bala.


Noong Oktubre 31, tinambangan ng mga Pulang mandirigma ang pinagsanib na pwersa ng "B" Coy ng PNP Regional Mobile Group at San Pascual Police Force habang naglulunsad ang mga ito ng operasyong militar sa Barangay San Pedro, bayan ng San Pascual. Lulan ang mga pulis ng dalawang sasakyang nang pasabugan ng bomba. Agad na namatay si P/Insp. Andres Franco, lider ng operasyon at namatay kinabukanan ang isa pang pulis. May dalawa pang nasugatan sa tropa ng RMG.

Bago ito, inambus din ng mga gerilya ang mga pulis na nag-eeskort ng mga balota pagkatapos ng elek-

syong pambarangay at Sangguniang Kabataan sa Barangay Liong sa bayan ng Cataingan. Tatlo ang nasugatan sa 50th Provincial Mobile Group.

Nakasagupa naman ng mga Pulang mandirigma ng Roselyn "Ka Jean" Pelle Command ng BHB ng Northern Negros ang isang kolum na binubuo ng 20 sundalo sa Sityo Hangalay, Barangay Macasilao, Calatrava, Negros Occidental noong Oktubre

22. Ang naturang pwersa ay isa sa apat na kolum ng AFP na nag-operasyon noon sa lugar. Lubos na napangbabawan ng mga mandirigma ang mga sundalo kaya walang sinumang sa kanila ang nakaganting-putok. Nasugatan din ang di pa tiyak na bilang ng mga sundalo. Ang naturang ambus ay parusa ng BHB sa mga nag-ooperasyong militar dahil sa ginawa nilang mga kalupitan at pamamaslang ng mga sibilyan sa lugar.



26 sundalo sinibak

SINIBAK ni Army chief Lt. Gen. Alexander Yano ang 26 sundalong Scout Rangers nitong Oktubre 25. Ang 26 ay kabilang sa 40 sundalong basta na lamang dinakip habang nagmamartsa pabalik sa kanilang baraks noong Pebrero 19, 2006.

Lihim silang ikinulong nang walang kaso mula noong Pebrero dahil diumano sa kanilang pagsuporta sa mga nag-aalsang upisyal laban sa rehimeng Arroyo noong 2006. Basta na lamang pinauwi ang mga sundalo at binigyan ng tig-P5,000 nang walang paliwanag kung bakit sila ikinulong at pinatawan ng dishonorable discharge.

Mahigit 21 buwan nang nakakulang nang walang kaso ang 40 sundalo at nabunyag lamang ang kanilang sikretong pagkakakulang nang ipaabot ito ng ilang upisyal kay Sen. Rodolfo Biazon nang minsang dumalaw siya sa kulungan. Palipat-lipat sila sa iba't ibang kulungan at hindi pinahintulutang makipag-ugnayan sa kanilang mga pamilya, kaibigan at abugado.

Hanggang ngayon ay wala pa ring malinaw na kinabukanan ang 14 pang sundalo na patuloy na ikinulong nang walang kaso.

State of emergency, idineklara sa Pakistan

NAGDEKLARA ng *state of emergency* nitong Nobyembre 3 si Pervez Musharraf, presidente ng Pakistan para supilin ang lumalakas na mga pagtutol sa kanyang paghahari.

Pinaniniwalaang idineklara ni Musharraf ang *state of emergency* para mapigilan ang Korte Suprema ng Pakistan na pawalambisa ang pagkapanalo niya sa eleksyon ng presidente noong Oktubre 6. Tinututulan ng Korte Suprema ang malaon nang sabayang paghawak ni Musharraf ng poder bilang presidente ng bansa at hepe ng Pakistani Army.

Pinamunuan ni Musharraf, isang heneral, ang isang kudeta noong 1999 na umagaw ng kapangyarihan mula sa sibilyang gubyerno ni Prime Minister Nawaz Sharif.

Dahil sa *state of emergency*, suspendido ang konstitusyon, sinusupil ang midya at nabigyan ng malalawak na kapangyarihan ang mga pwersang panseguridad ng estado na durugin ang anumang pagtutol. Libu-libo nang Pakistani ang inaresto at ikinulong, kabilang ang pangunahing mga oposisyunita. Maipagpapalibtan din nang walang tanning ang mga eleksyon.

Kaugnay nito, ipinahayag ng Communist Party of Pakistan (CPP) na lalabanan nila ang *state of emergency* at maglulunsad sila ng armadong pakikibaka laban sa paghaharing militar.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 21

Nobyembre 7, 2007

www.philippinerevolution.org

Editoryal

Humanda sa mapagpasyang pakikipagtuos sa rehimeng Arroyo

Umaabot na sa sukdulan ang desperasyon ni Gloria Arroyo. Binabangungot siya ng sunud-sunod na pagkabunyag ng iba't ibang anomalya, ng tumitinding galit ng mamamayan, ng tumitibay na banta ng oposisyon at ng lumalalim na pagkabiyak ng naghaharing koalisyon.

Ang di maapulang krisis pampulitika ay yumayanig at nagbabantang magwakas sa kanyang paghahari at umunsyami sa plano niyang manatili sa poder lampas sa 2010.

Kaya naman walang lubay ang Malacañang sa mga maniobra at kontra-maniobra, pagsisinungaling, pagpapakana at pagsasawa ng mga pasistang atake sa mamamayan.

Habang puspusan ang pagsisikap ni Arroyo na sabayang kabigin, hatiin at bulabugin ang hanay ng mga pwersang anti-Arroyo, desredo rin siyang konsolidahan ang sariling pwersa at tiyaking walang makatatayong balakid sa loob ng sariling kampo.

Masidhi ang pagnanais niyang patalsikin

si Jose de Venecia bilang Speaker ng Kongreso dahil sa papel niya at ng kanyang anak sa pagbubunyag ng anomalya sa ZTE.

Matapos mabigong pataubin si de Venecia noong nagdaang eleksyon at hadlangan ang pag-upo niya bilang Speaker noong Hunyo, walang tigil ang pagtatangka ng Malacañang na patalsikin siya sa pusisyon. Sinuhulan niya ng hanggang tigkakahating milyong piso ang halos 200 kongresista para tiyakin ang katapatan nila sa harap ng posibilidad na kumilos si de Venecia katuwang ng mga pwersang anti-Arroyo sa Kongreso sa pagsasampa ng panibagong *impeachment* laban sa presidente.

Kagyat na nakuha ni Arroyo ang kanyang gusto sa mga nasuhulang kongresista. Mabilis pa sa alas-kwatro nilang ipinasa ang



Mga tampok sa isyung ito...

Arroyo, tuwirang sangkot sa NBN-ZTE
PAHINA 3

Pambobomba sa Glorietta, pinagtatakpan PAHINA 4

Pagtatatag ng republika, iginigiit ng CPN-M PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**. *Kung masyadong lumiliit ang mga letra, maaaring itaas nang kaunti ang porsyento ng Scaling.*
 - d) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa